Ministri ng Kalusugan

# Pagkatapos ng Iyong COVID-19 na Bakuna

Bersyon 2.0 Marso 29, 2021

## Ano ang dapat kong asahan sa mga susunod na araw?

- Mga karaniwang hindi kanais-nais na epekto kabilang ang kirot, pamumula, pamamaga sa lugar ng iniksyon, kapaguran, sakit ng ulo, masakit na kalamnan, panginginig, sakit sa kasukasuan, at sinat.
- Ang mga seryosong hindi kanais-nais na epekto ay bihira. Tawagan ang iyong doktor o propesyunal na nars o pumunta sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya kung magkaroon ka ng mga sumusunod na masamang mga reaksyon sa loob ng tatlong araw ng pagkatanggap ng bakuna: pamamantal, pamamaga ng iyong mukha o bibig, paghihirap na huminga, sobrang pamumutla at seryosong pagka-antok, mataas na lagnat (lampas sa 40˚C), mga kombulsyon o mga seizure (hal. parang tinutusok ng "mga aspili at karayom" o pamamanhid).
- Ang AstraZeneca/COVISHIELD na bakuna ay naiugnay sa isang napakabihirang hindi kanais-nais na epekto na kilala bilang Vaccine-Induced Prothrombotic Immune Thrombocytopenia (VIPIT). Kung magkaroon ka ng anuman sa mga sumusunod na sintomas pagkatapos na makatanggap ng bakuna mangyaring humingi ng agarang medikal na atensyon: pangangapos ng hininga, masakit na dibdib, pamamaga o panlalamig sa isang braso o binti, patuloy na pagsakit ng tiyan, matindi o lumalalang mga pagsakit ng ulo o malabong paningin, o maraming maliliit na pasa, pula o lilang mga spot o paltos ng dugo sa ilalim ng balat.

## Kailangan ko pa bang sundin ang mga hakbang sa pampublikong kalusugan ng COVID-19?

- Ang bakuna ay isang karagdagang paraan upang protektahan ang iyong sarili laban sa COVID-19. Pagkatapos ng alinman sa dosis ng COVID-19 na bakuna ikaw ay dapat na magpatuloy na sumunod sa mga hakbang ng COVID-19, tulad ng pagsusuot ng isang maskara, pagsasanay ng pisikal na pagdidistansiya at paghuhugas ng iyong mga kamay.
- Magmonitor para sa mga sintomas ng COVID-19 at magpasuri kung mayroong mga sintomas.

## Kailan ako dapat bumalik para sa aking ikalawang dosis?

- Kailangan mo ng dalawang mga dosis upang maging ganap ang pagbabakuna. Kung ito ang iyong unang dosis ng COVID-19 na bakuna, tiyaking makuha ang iyong pangalawang dosis na itinuro ng klinika o ng sistema ng pag-book. Dalhin ang iyong naka-print na resibo ng bakuna na ibinigay sa iyo ngayon sa iyong pangalawang appointment.